



# **SISTEMA SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN SA NEW ZEALAND**

**Tagalog**



## SISTEMA SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN SA NEW ZEALAND

Ang *Ministry of Health (MoH)* ay ang nangangalaga at nagpopondo ng dalawampung (20) *District Health Boards (DHBs)*. Ang *DHB* naman ang siyang nag-oorganisa ng serbisyong pangkalusugan sa kanilang distrito upang tugunan ang pamantayan na itinakda ng *Ministry of Health*.

Maraming serbisyong pangkalusugan dito sa *New Zealand* ang libre at ipinagkakaloob bilang tulong o' *subsidised*. Ang kuwalipikasyon upang ang isang tao ay tumanggap ng benepisyo ng *public health care*, kinakailangan na: Isa kang mamamayan ng *New Zealand*, may katayuan ka na *Permanent Resident Visa*, may hawak na 2-taong *Work Visa*, at isang “*quota refugee*”. Ang mayroong *status* na *Non Resident Visa* naman ay maaaring magbayad sa ilang mga serbisyo sa ospital, subali't hindi sila puwedeng pagkaitan ng serbisyong pangkalusugan, lalo na sa panahon ng kagipitan o kung walang kapasidad na makapagbayad. Ang sistemang pangkalusugan sa *New Zealand* ay mayroong dalawang bahagi: ang *primary* at *secondary*. Kabilang sa *primary* ang mga sumusunod: *family doctor*, mga espesyalista (na nagtrabaho rin sa ospital), dentista, *pharmacist*, *physiotherapist*, *podiatrist*, *counselling* at mga serbisyong kaugnay nito. Ang *secondary health care* naman ay matatagpuan sa ospital, pribado man o publiko.

Kung ikaw ay kuwalipikado na tumanggap ng libheng *public health care*, narito ang iyong maaasahan mula sa sistema ng publikong pangangalaga ng bansa:

- Libheng pagpapagamot sa publikong ospital
- Libheng pagpapagamot sa *Accident and Emergency Departments*

- Mas murang reseta ng gamot
- Mas murang singil ng mga doktor na *GP's (General Practitioners)*. Kailangan lamang magpalista sa *GP* upang makakuha ng malaking diskuwento
- Mas murang singil sa mga espesiyalista tulad ng *physiotherapists, chiropractors, at osteopaths*, kung merong *referral* galing sa *GP*, halimbawang naaksidente
- Libre o mas murang singil sa gamutan kung merong talamak o malalang karamdaman
- Libre at walang bayad sa halos lahat ng *laboratory tests, x-rays*, maliban sa pribadong klinika. (subali't kung ang *laboratory tests at x-rays* ay gagamitin sa pagtratrabaho o sa *training medical examinations*, ito ay hindi libre kahit ikaw ay *eligible* sa *public health care*.)
- Ang mga babaeng nagdadalantao, at hanggang sa panganganak nito, ay walang babayaran, maliban na lamang kung ito ay sa *private medical sector*
- Maliban sa paunang *Consultation Fee*, walang ng babayaran sa *GP referrals* sa publikong ospital upang magpagamot
- Mas mababa o libreng konsultasyon at reseta ng gamot para sa mga kabataang wala pang 6 na taong gulang ang edad. Kalimitan, ang konsultasyon at gamot para sa mga bata ay libre
- Libre ang pagpapatingin ng suso para sa mga kababaihan na ang edad ay 45 taon hanggang 69 na taon gulang
- Libre rin ang pagpapatingin ng kababaihan sa kanilang *cervix* kung kinakailangan.

Ang *eligibility criteria* ay matatagpuan sa *website* ng *Ministry of Health*. I-click lamang ang *Guide to Eligibility for Publicly Funded Health Services* sa:  
<http://www.health.govt.nz/>

Karamihan sa *primary care services* ay may pinagbabayaran. Subali't ang konsultasyon sa iyong *family doctor* o *practice nurse* ay *subsidised* kung ikaw ay isang *enrolled patient*. Karaniwan, ang iyong pagbabayaran ay 50% lamang ng buong halaga ng konsultasyon. Ang *health services* at reseta ng mga gamot ay libre para sa mga kabataang *enrolled patient* at ang edad ay wala pang 6 na taong gulang.

Ang pagpapagamot sa publikong ospital dito sa *New Zealand* ay libre kung ikaw ay *eligible*. Upang ikaw ay i-admit sa publikong ospital, kailangan meron ka munang *referral* mula sa isang espesiyalista. Ang *family doctor* (o *general practitioner* o *GP*) ay puwedeng magbigay ng *referral* sa ospital kung kinakailangan ng agarang paggamot dahil sa kondisyon ng pasyente. Maliban na lamang kung ikaw ay na-admit dahil sa malubhang karamdaman o aksidente, maaari kang pumili ng pribadong ospital. Subali't ang lahat ng serbisyong medikal na ipinagkakaloob dito ay dapat bayaran. Malaki ang maitutulong kung meron kang *Medical Insurance* lalo na sa serbisyo ng pribadong ospital.

Ang mga ina na hindi *eligible* sa mga *publicly funded health* at *disability services* ay magkakaroon pa rin ng pagkakataon na makakuha ng *funded maternity care* kung ang kanilang partner o asawa ay *eligible*. Para sa iba pang impormasyon, tingnan ang *eligibility criteria* sa *MoH website*:

<http://www.health.govt.nz/>

### Guide to eligibility for publicly funded health services

Ang lahat ng kabataan na wala pang anim na taong gulang, kahit hindi sila mamamayan o ano man ang kanilang *immigration status*, ay *eligible* sa mga bakuna ng *Immunisation Schedule* at *WellChild services*.

Binibigyan ng diin at rekomendasyon na ang mga naninirahan dito sa *New Zealand* na hindi *eligible* sa mga *publicly funded health services* ay magkaroon ng *full travel insurance*, kabilang na ang *health insurance*.

### **Ang Pagpili ng Family Doctor (GP)**

Ang *family doctor* o *GP* ay bahagi ng *Primary Health Team* na siyang magsisilbing unang kontak sa *New Zealand health system*. Ang *team* na ito ay kinabibilangan ng iyong *GP*, *practice nurse*, at *pharmacist*. Sa iyong pagdating dito sa *New Zealand*, mahalagang ikaw ay magparehistro agad sa isang *GP*. Karamihan sa mga *GP* ay nagsasanay sa *medical centre*.

Puwede ka ring magparehistro sa *website* ng *Medical Council*. Maaari kang makakita ng *medical centre* sa pamamagitan lamang ng pagtingin sa *white pages* ng *telephone book* at tingnan sa pahina ng *Registered Medical Practitioners and Medical Centres*, o kaya ay sa *WebHealth website* <http://www.webhealth.co.nz/home/>. Maaari kang pumili ng *GP* na malapit sa iyong tirahan o pinagtatrabahuhan – kung saan ang mas naaangkop sa iyo. Ang mga *medical centres* ay mayroong sapat na tauhan tulad ng *doctor*, *practice nurses*, at *administration staff*. Ang ilan ay mayroon ring *pharmacists* at iba pang *health* at *social services staff*. Sila ay may mahalagang bahagi upang mapangalagaan ang iyong kalusugan.

## **Ano ang mangyayari kung magpaparehistro ka sa doctor?**

Kung hindi ka *enrolled* sa isang *GP*, mas mataas ang babayaran mo na *consultation fee*. Ang pagpapa-rehistro sa doktor (*GP*) sa isang *medical centre* ay libre at madaling gawin. Subali't, ang *registration* ay **HINDI** *enrolment*. Maaari ka lamang mag-*enrol* sa *GP* kung ikaw ay *eligible* na gawin ito. Nguni't nasasa iyo ang pagpili kung kanino mo gusto na ikaw ay magre-*register* o magi-*enrol*, sa isang lalake o babaeng doktor. Ang resepsiyonista ng doktor ang karaniwang magaasikaso sa iyo upang kumpletuhin ang *form* kung saan nakasulat ang iyong pangalan at *contact details* – dalahin rin ang iyong pasaporte/*visa*. Ikaw ay tatanungin rin ng tungkol sa iyong *medical history*. Kahit ikaw ay may karapatang magbago at lumipat sa ibang *GP*, dapat mong malaman na ang *subsidies* sa iyong bagong *medical centre* ay maaaring pansamantala mong hindi magagamit hanggang sa loob ng tatlong buwan. Dahil ditto, ikaw ay magbabayad ng buong halaga ng *unsubsidised charge*. Mayroong iba't-ibang *subsidies* ang puwedeng magamit sa mga *enrolled patients*. Matapos mong kumpletuhing sagutan ang *enrolment form* ng iyong napiling *medical centre*, ikaw ay *eligible* na sa mga *subsidies*.

Magandang ideya na mag-*enrol* sa *medical centre* upang ikaw ay makabuo ng isang malakas at magandang relasyon sa iyong *primary care team*.

## **Paano ang gagawin kung nais mong humingi ng appointment sa doktor?**

Kung gusto mong magpa-konsulta sa iyong doktor, dapat kang magpa-*book* para sa iyong *appointment* isang araw bago ang konsultasyon. Subali't kung ang iyong medikal na kondisyon

ay nangangailangan ng agarang atensiyon, puwede kang tingnan ng iyong doktor sa araw din na iyon. Puwede kang magsama ng kaibigan o *support person* kung ibig mo. Ang *support person* ay hindi puwedeng gamitin bilang *interpreter*. Ito ay ginagawa lamang ng isang *trained professional*. Ito ay ating tatalakayin mamaya.

Ang mga *practice nurses* ay natatanging panggagalingan ng *health information*, at nagsasagawa ng maraming serbisyo. Puwede ka ring humingi ng *appointment* upang makipagkita sa nars.

May kaukulang babayaran sa bawat pagbisita at ang bayad dito ay depende sa hinihingi ng bawat *medical centre*. Kung ang doktor ang pupunta sa iyo o para sa *emergency appointments*, may mga karagdagan singil kang babayaran. Kung magpapatingin ka naman sa doktor, ang mga reseta ng gamot ay ibibigay lamang kung kinakailangan, ayon sa tamang pagpapasiya ng doktor. Hindi lahat ng sakit ay sanhi ng impeksiyon. Ang ibang *respiratory infections* ay biral o nakakahawa; hindi *antibiotics* ang gamot dito. Kung ang iyong *GP* ay nagreseta sa iyo ng *antibiotics*, kinakailangan mong ubusin ang gamot. Ang *antibiotics* at *anti-inflammatory* ay hindi magkapareho.

### **Paano ang pagpapakonsulta sa isang espesyalista?**

Ikaw ay isasangguni ng iyong *GP*, kung kinakailangan, sa isang espesyalista para sa mas masinsinang eksaminasyon. Hindi pare-pareho ang singil ng konsultasyon sa mga espesyalista, pero kalimitan ang babayaran ay \$150.00 sa unang konsultasyon. Mas madali naman ang iyong pagpapatingin kung ikaw ang magbabayad o ang iyong *medical insurer*.



Kung ikaw naman ay *eligible*, maaari kang isangguni sa espesiyalista ng *public health system*. Ito ay libre pero ikaw ay maghihintay ng iyong tawag dahil mayroong *waiting list*, kung minsan ay ilang buwan ang hihintayin bago ka makakuha ng *appointment*.

### **Paano kumikilos ang *Private Health Insurance*?**

Ang ibang mga *New Zealanders* ay mas pinili na magbayad ng *private health insurance*. Totoong ito ay mas mahal pero ang pagkakaroon ng ganitong *insurance* ay nangangahulugan na ikaw ay makakakuha ng espesiyalistang titingin sa iyo at nasa ilalim ka ng pangangalaga ng isang pribadong ospital, kung kaya hindi mo na kailangan pang maghintay sa *waiting list*.

Kung nais mong kumuha ng *private medical insurer*, tingnan sa *Insurance-Medical in Christchurch* sa [www.yellow.co.nz](http://www.yellow.co.nz).

Mayroong ibang *insurance specialists* na nagsasalita ng ibang wika o lengguahe maliban sa *English*. Kalimitan ito ay naka-anunsiyo sa *ethnic media*.

Mayroon ding iba pang impormasyon tungkol sa *health insurance* sa *Everybody website*:  
<http://www.everybody.co.nz/page-56d7ef0e-9e87-46ad-9ab9-843e76f8301e.as>

### **Ang Community Services Card (CSC)**

Ang *Community Services Card* ay ipinagkakaloob ng *Government Department* na ang tawag ay *Work and Income*. Maaari kang mag-*apply* ng *CSC* kung:

- 18 taon gulang pataas (o 16-17 taon gulang kung ikaw ay nasa *full-time tertiary* ng iyong paga-aaral

- Nasa *low-middle income* (depende sa situwasyon ng iyong pamilya)
- Ikaw ay mamamayan ng *New Zealand* o *permanent resident*.

Ang *Card* ay makakatulong sa iyo upang makakuha ng mga sumusunod na serbisyo sa mas mababang halaga o wala ka ng pagbabayaran:

- Babayaran sa *after-hours doctor visits*
- Pagpapakonsulta sa hindi mo regular na doktor
- Salamin sa mata para sa mga bata na ang edad ay 15 taong gulang pababa
- Biglaang pagpapatingin sa dentista na ipinagkakaloob ng mga ospital at aprobadong *dental contractors*
- pamasaha sa paglalakbay at matutuluyan kung meron kang *referral* na magpapagamot sa publikong ospital na malayo ang distansiya sa iyong tirahan
- reseta ng gamot (kung ang reseta ay mula sa isang *provider* na walang *Ministry*, *DHB*, o *PHO contract*, halimbawa, isang pribadong espesyalista).

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa *Card*, tingnan sa:

<http://www.workandincome.govt.nz/individuals/a-z-benefits/community-services-card.html>

Upang malaman kung ikaw ay maaaring magkaroon ng *card*, kontakin ang *Work and Income*, ang ahensiya ng pamahalaan na siyang namamahala nito, *online* sa [www.workandincome.govt.nz](http://www.workandincome.govt.nz) o libreng tawag sa 0800 999 999

## **Ano ang High User Health Card?**

Ang sino man na nagpapakonsulta sa kanyang *family doctor* 12 beses o mahigit pa sa loob ng 12 buwan dahil sa kanyang matagal na karamdaman ay kuwalipikado ng *High User Health Card*, kung saan siya ay makakakuha ng mas malaking tulong o *subsidies* sa pagpapatingin sa kanyang *General Practitioner* at maging sa reseta ng gamot.

## **Ano ang gagawin kung ikaw ay naaksidente?**

Kung ikaw ay isang mamamayan ng New Zealand, nagtataglay ng *permanent resident* o *temporary visa*, at nagkaroon ng aksidente o napinsala sa iyong pinagtatrabahuhan o sa tahanan, ang *Government Accident Compensation Corporation (ACC)* ay maaaring magbigay ng *personal injury cover*. Ang ACC ay hindi magbibigay sa iyo ng karapatan ng libreng gamutan. Ikaw ay mayroon pa ring ilang pagbabayaran sa pagpapagamot sakaling magkaroon ka ng aksidente sa iyong trabaho at sa tahanan. Ang ilang *eligibility criteria* ay kailangan din na isaalang-alang. Hindi sakop ng ACC ang karamdaman, *stress* o isyung emosyonal, pinsala na may kaugnayan sa katandaan o dahan-dahang pagkakasakit. Para sa ilan pang karagdarang impormasyon tungkol sa ACC *personal injury cover*, tumawag ng libre sa 0800 101 996 o tingnan sa [www.acc.co.nz](http://www.acc.co.nz).

Para sa kamalayan ng lahat na ang sakop ng ACC ay tanging mga aksidente na nangyari o naganap lamang sa *New Zealand* kahit ano pa ang iyong *status* sa imigrasyon.

Mayroong ding mga tagasalin o *interpreter* sa pamamagitan ng *Language Line* kung kinakailangan.

## Ang After-Hours Health Care

Kung ikaw ay nangangailangan ng atensiyong medikal sa labas ng normal na oras ng paggagamot ng iyong doktor (8:00 ng umaga-6:00 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes), kontakin muna ang iyong *GP*. Tumawag sa *medical centre* at makakarinig ka ng mensahe sa telepono kung ano ang dapat mong gawin. Kung hindi ang iyong *GP* ang nakasagot, ang iyong tawag ay ililipat sa isang kuwalipikadong nars na siyang magtuturo sa iyo ng lahat ng dapat mong gawin.

Ang *Healthline* ay isang serbisyo sa pamamagitan ng telepono kung saan puwede kang tumawag 24-oras. Tumawag ng libre sa telepono bilang 0800 611 116 para sa libheng impormasyon mula sa isang rehistradong nars. Kung nais mong ang makipag-usap sa iyo ay nagsasalita ng iyong wika o lengguwahe, maaari ka ding tumawag sa *Healthline* dahil meron silang serbisyo ng mga taong tagasalin o *interpreter*.

Kung gusto mong makipagkita ng personal sa isang *GP* ng labas sa normal na oras ng paggagamot, maaari kang pumunta sa isang *Medical Centre* na bukas 24-oras. Ang iyong paghihintay ay kalimitang mas mabilis kaysa sa isang publikong ospital.

Ang *emergency care* ay ipinagkakakaloob din sa *Emergency Department (ED)* ng isang publikong ospital at bukas ito sa loob ng 24-oras. Wala kang pagbabayaran para sa serbisyo at hindi na rin kailangan ang *appointment*. Bagama't kung minsan ay maaaring matagalan upang ikaw ay matingnan. Kung ikaw ay nagkaroon ng aksidente o malubhang sakit o pinsala, dapat kang magpatingin sa *ED*.

## **Paano kumikilos ang Ambulance Service?**

Ang *St. John* ang nagbibigay ng serbisyo ng ambulansiya sa karamihan ng populasyon dito sa *New Zealand*.

Upang tumawag ng ambulansiya i-*dial* lang ang *emergency phone 111*.

Bagama't ang serbisyo ng ambulansiya ay maituturing na libre, may resibo o invoice na ipapadala sa iyo kung gumamit ka nito at hindi isang aksidente ang dahilan. Ang *St. John* ay isang pangkawanggawang organisasyon, at ang resibo ay nagkakahalaga lamang ng \$80.00 bilang kontribusyon.

Ang mga tauhan ng ambulansiya ay sinanay upang mapanatag ang isang taong naaksidente o mayroong karamdaman. Sila din ay:

- Nagdadala ng mga pasyente sa ospital para sa kanilang pagpasok dito at *outpatient treatment*
- Paglipat ng mga pasyente sa pagitan ng mga ospital o mula ospital patungo sa tirahan o bahay
- Nakikipagtulungan sa mga kapulisan at pamatay sunog sa panahon ng *emergency* upang magkaloob ng serbisyong medikal
- Nag-aayos at naglalagay ng tauhan para sa *air ambulance flights* at *connections*.
- Personal na nagsusubaybay ng mga *medical alarms*.

## **Paano makakakuha ng Dental Health Care?**

Ang pangunahing pangangalaga ng ngipin ay libre para sa mga *eligible* na kabataan simula sa kanilang kapanganakan

hanggang sa sa pagsapit ng ika-18 taong kaarawan. Pagkatapos nito ay mayroong ng kabayaran ang pagpapatingin ng ngipin.

Ang mga dentista -- tulad ng mga *GP's* -- ay puwedeng magbigay ng reseta kung ito ay kinakailangan bilang bahagi ng iyong pagpapagamot. Ang mga reseta ay maaaring makuha sa inyong *local pharmacy* o botika.

Ang mga dentista karaniwan ay hindi nakatatanggap ng kahit anong tulong o *subsidies* mula sa gobyerno at ang kanilang singil ay hindi magkakaipareho. Ang kanilang singil ay mas mataas rin kung ihahambing sa mga *General Practitioners*.

Matatagpuan ang listahan ng mga dentista sa *Yellow Pages* o tingnan sa *Dental Council of New Zealand website*. Upang malaman ang pinakamalapit na *dental surgery* sa inyong lugar, tingnan sa

<http://www.dentalcouncil.org.nz/>

## **Paano makakakuha ng serbisyo ng Botika**

Kung ang kondisyon ng iyong kalusugan ay nangangailangan ng gamutan, ikaw ay bibigyan ng reseta ng iyong doktor. (Sa *New Zealand*, ang mga *prescription medicines* ay hindi mabibili sa botika kung walang reseta). Kailangan na dala mo ang reseta sa botika. Kapag ibinigay mo ang reseta, sasabihin ng kawani na magaasikaso sa iyo kung gaano katagal ang iyong paghihintay bago mo makuha ang gamot. Depende kung gaano ka-abala ang *pharmacists*, kung minsan ay tumatagal ng 20 minuto. Bago ibigay sa iyo ang gamot, ang *pharmacist* – o kung sino mang kawani nito – ay tatanungin muna ang iyong pangalan at *address*. Ito ay upang masigurado na tama ang taong tatanggap ng gamot. Puwede

ring isa sa mga miyembro ng pamilya ang kumuha ng gamot. Ang babayaran mo sa gamot ay nagkakahalaga ng \$5.00 lamang sa bawat reseta kung ikaw ay *eligible* sa benepisyo. Karamihan sa mga reseta ay may suportang pinansiyal ng gobyerno, pero ang ilang gamot ay mas mataas ang presyo. Ito ay sa kadahilanan na ang gamot ay hindi kabilang sa mga binabayaran ng gobyerno. Ang presyo nito ay labas sa \$5.00 na itinakda. Kung ang iyong resetang gamot ay uulitin mong inumin (kalimitan sa mga kaso ng long-term conditions), magbabayad kang muli ng \$5.00 sa tuwing ikaw ay bibili ng gamot. Ang ilang mga *specialist prescriptions* ay mas mahal sa ordinaryong gamot. Ang *repeat prescriptions* ay kinakailangan mong kunin sa parehong botika bago ang *expiry date* na nakasulat – kalimitan ay 3 buwan. Kung hindi mo na kayang magpabalik-balik sa pagbili ng gamot dala ng limitasyon ng iyong katawan o layo ng pagbabiyaha, puwede mong makuha ang lahat ng iyong resetang gamot ng minsanan lamang.

Kailangan mo lamang masiguro kung kelan mo makukuha ang gamot, at nauunawaan mo kung paano ang tamang paraan ng pag-inom nito. Kung ikaw ay hindi sigurado, hingin ang tulong ng kawani ng botika upang ito ay ipaliwanag sa iyo. Kung meron ka pang ibang nais malaman tungkol sa iyong gamutan, ang iyong *primary care team* ang maaaring mag-asikaso upang ikaw ay bisitahin ng mga kawani mula sa *Medication Management Service*. Ang *mobile service* na ito ay may mga kawaning *pharmacists* upang ikaw ay paliwanagan kung paano mo iinumina ng tama ang iyong gamot. Meron ding tagasalin o *interpreter* kung kinakailangan.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa *pharmaceuticals* sa *New Zealand*, tingnan ang mga sumusunod na *website*:

<http://www.pharmac.govt.nz/charges>

<http://www.pharmac.govt.nz/patients>

Kung ikaw o ang iyong pamilya ay nagbabayad ng maraming reseta ng gamot, puwede kayong maging *eligible* na magkaroon ng *Pharmaceutical Subsidy Card*. Maaari mong kunin ang nasabing *card* sa inyong *local pharmacy*.

Ang mga botika ay nagtitinda rin ng iba't-ibang *over-the-counter (OTC)* na produkto, na puwede mong bilhin ng walang reseta. Ito ay mga produkto na puwede mong gamitin sa iba't-ibang karamdaman tulad ng *hay-fever*, *pain relief*, mga pampahid tulad ng *creams* at *ointments*. Pero kailangan isangguni muna sa mga tauhan ng *pharmacy*.

Ang mga tauhan ng *pharmacy* ay handang magbigay sa iyo ng payo kung mayroon kayong dapat malaman tungkol sa lagay ng kalusugan mo o ng iyong pamilya.

Kung biglaan ang iyong pangangailangan ng gamot at labas na sa normal na *shopping hours*, maaari kang pumunta sa *Urgent Pharmacy*. Ito ay bukas hanggang ika-10:00 o ika-11:00 ng gabi. Ito ay makikita mo sa listahan ng *Urgent Pharmacies* sa *Hospitals and other health service providers* sa unahang pahina ng *White Pages*.

## **Paano kumuha ng mga Interpreters?**

Kung nangangailangan ka ng isang *interpreter* o tagasalin upang higit mong maunawaan ang iyong *GP* sa sarili mong lenguahe o wika, mayroon kang karapatan na magkaroon nito. Ang serbisyong ito ay libre sa lahat ng mga *enrolled patients*. Ipagbigay alam lang na nangangailangan ka ng *interpreter* isang araw bago ang iyong *appointment* sa doktor.



Hindi puwedeng maging *interpreters* o tagasalin ang isang bata o miyembro ng pamilya. Hindi sila maituturing na *health professionals*, at maaaring magkamali sa pagpapaliwanag ng payo at tagubilin ng *GP*.

### **Paano magreklamo tungkol sa iyong health care?**

Ang lahat ng gumagamit ng *health* at *disability service* ay pinoprotektahan ng *Code of Rights*. Isang independiyenteng *Commissioner* ang nagpo-promote at nangangalaga nito sa ilalim ng batas ng *New Zealand*. Ang mga karapatang ito ay inyong matatagpuan sa sarili mong wika o lengguwahe sa:

<http://www.hdc.org.nz/>

### **Paano makakakuha ng libreng health advice at iba pang impormasyon?**

Pagkatapos ng iyong pagbisita sa *GP*, dentista o espesiyalista, ikaw ay tatanggap ng *card* kung saan nakasaad dito ang pangalan ng iyong kondisyon (*name of your condition*) at narito din ang *web address*. Puntahan ang *web address* na nabanggit at *i-type* ang pangalan ng iyong kondisyon, at bubuksan ang pahina na magpapaliwanag sa iyo ng iyong kondisyon. Marami-rami na ang mga pahina na nakasalin sa iba't-ibang wika o lengguwahe at isa na rito ang Filipino o tagalog. Maaari mong tingnan sa:

<http://www.healthinfo.org.nz/>

Para sa libreng pagpapayo at impormasyon tungkol sa *local health services*, puwedeng tumawag ng libre sa *Healthline*, telepono# 0800 611 116.

Ang impormasyon tungkol sa kalusugan at iba pang nais malaman sa pamumuhay dito sa *New Zealand* ay matatagpuan

din sa *website* ng *Christchurch Migrants Centre* sa *address* na ito: 166 St. Asaph St., Christchurch:

<http://www.migrantheub.org.nz/>

Makakakuha din ng iba pang impormasyon tungkol sa kalusugan sa iba't-ibang wika o lengguwahe sa:

[www.healthed.govt.nz](http://www.healthed.govt.nz)





©Pegasus Health (Charitable) Ltd, PO Box 741, Christchurch – TA001

Printed 1st May 2014